NEW ZEALAND IMMIGRATION

Mga Estudyanteng Internasyonal

Ang mga visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral (post-study work visas) ay magbabago

Ang Pamahalaan ng New Zealand ay gumagawa ng mga pagbabago sa mga karapatan sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral ng mga estudyanteng internasyonal. Ang mga pagbabagong ito ay magkakabisa sa katapusan ng Nobyembre 2018. Ang mga pagbabagong ito ay titiyak na makikinabang ang mga estudyanteng internasyonal at mga tagapag-empleyo sa mga lalandasin pagkatapos ng pag-aaral (post-study pathways) sa pamamagitan ng pag-aambag ng mga kasanayan at kwalipikasyong kailangan ng New Zealand. Mahalagang maunawaan mo kung paano ito makakaapekto sa iyo.

MGA BAGONG APLIKANTE PARA SA VISA

Ang talaang ito ay uukol kung, noong ika-8 ng Agosto 2018, ikaw ay walang hawak na student visa (pang-estudyanteng visa) at wala kang aplikasyon para sa student visa na tinanggap upang maproseso ng Immigration New Zealand.

Kung ikaw ay nagbabalak mag-aral upang makakuha ng sumusunod na (mga) kwalipikasyon:	**At:**	**Kung ganoon, sa matagumpay na pagkumpleto ng iyong (mga) kwalipikasyon, maaaring maging marapat ka para sa:**
Level 7 na titulong Batsilyer na kwalipikasyon o mas mataas pa	Pag-aaralan mo ang kwalipikasyong ito sa loob man lamang ng 30 linggo sa New Zealand	Tatlong taong bukas na visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral (open post-study work visa)
Level 7 na Graduate Diploma	Pag-aaralan mo ang kwalipikasyong ito sa loob man lamang ng 30 linggo sa New Zealand	Isang taong bukas na visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral, kung mag-aaral ka sa Auckland, at karagdagang isang taon kung ikaw ay nagsisikap para makapagrehistro sa isang samahang propesyonal o trade Dalawang taong bukas na visa sa pagtatrabaho pagkatapos ng pag-aaral, kung mag-aaral ka sa labas ng Auckland (di-kabilang ang malayuang pag-aaral o distance learning)*
Iba pang walang titulong kwalipikasyon na nasa Level 7	Pag-aaralan mo ang kwalipikasyong ito sa loob man lamang ng 30 linggo sa New Zealand	Isang taong bukas na visa sa pagtatrabaho pagkatapos ng pag-aaral, kung ikaw ay mag-aaral sa Auckland Dalawang taong bukas na visa sa pagtatrabaho pagkatapos ng pag-aaral, kung mag-aaral ka sa labas ng Auckland (di-kabilang ang distance learning)*
Isang kwalipikasyong nasa Level 4-6 sa loob ng dalawang taon	Pag-aaralan mo ang kwalipikasyong ito sa loob man lamang ng 60 linggo sa New Zealand	Isang taong bukas na visa sa pagtatrabaho pagkatapos ng pag-aaral, kung ikaw ay mag-aaral sa Auckland Dalawang taong bukas na visa sa pagtatrabaho pagkatapos ng pag-aaral, kung mag-aaral ka sa labas ng Auckland (di-kabilang ang distance learning)*
Dalawang kwalipikasyong nasa Level 4-6	Pag-aaralan mo ang bawa't kwalipikasyon sa loob ng 30 linggo sa New Zealand (60 linggo sa kabuuan) at ang pangalawang kwalipikasyon ay nasa mas mataas na antas kaysa sa unang kwalipikasyon	Isang taong bukas na visa sa pagtatrabaho pagkatapos ng pag-aaral, kung ikaw ay mag-aaral sa Auckland Dalawang taong bukas na visa sa pagtatrabaho pagkatapos ng pag-aaral, kung mag-aaral ka sa labas ng Auckland (di-kabilang ang distance learning)*

*Upang maging marapat para dito, dapat mong matagumpay na kumpletuhin ang iyong (mga) kwalipikasyon bago dumating ang ika-31 ng Disyembre 2021. Kung makukumpleto mo ang iyong (mga) kwalipikasyon makaraan ang petsang ito, ikaw ay maaaring maging marapat para sa isang taong visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral, at karagdagang isang taon kung ikaw ay nagtatapos ng Graduate Diploma at ikaw ay nagsisikap upang makapagrehistro sa isang samahang propesyonal o trade.

Mula 2022, ang mga estudyanteng internasyonal na magkukumpleto ng mga kwalipikasyong nasa Level 4 hanggang 6, makaraan ang dalawang taong pag-aaral, o mga walang-titulong kwalipikasyong nasa Level 7 ay magiging marapat para sa isang taong visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral, at kung nakumpleto nila ang isang Graduate Diploma na gagamitin para magparehistro sa isang samahang propesyonal o trade, ay magiging marapat para sa karagdagang isang taong visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral.

Ang mga estudyanteng magkukumpleto ng may titulong kwalipikasyong nasa Level 7 o mas mataas pa ay patuloy na magiging marapat para sa tatlong taong visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral.

MGA KASALUKUYANG MAY HAWAK NA STUDENT VISA

Ang talaang ito ay uukol kung, noong ika-8 ng Agosto 2018, mayroon kang hawak na student visa o ang iyong aplikasyon para sa isang student visa ay tinanggap upang maproseso ng Immigration New Zealand.

Kung ikaw ay kasalukuyang nag-aaral sa New Zealand tungo sa:	**At:**	**Kung ganoon, sa matagumpay na pagkumpleto ng iyong (mga) kwalipikasyon mula sa ika-26 ng Nobyembre, ikaw ay maaaring maging marapat para sa:**
Level 7 na titulong Batsilyer o mas mataas pa	Pag-aaralan mo ang kwalipikasyong ito sa loob man lamang ng 30 linggo sa New Zealand	Tatlong taong bukas na visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral
Walang titulong kwalipikasyon na nasa Level 7	Pag-aaralan mo ang kwalipikasyong ito sa loob man lamang ng 30 linggo sa New Zealand	Tatlong taong bukas na visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral
Isang kwalipikasyong nasa Level 4-6	Pag-aaralan mo ang kwalipikasyong ito sa loob man lamang ng 60 linggo sa New Zealand	Tatlong taong bukas na visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral
Dalawang kwalipikasyong nasa Level 4-6	Pag-aaralan mo ang bawa't kwalipikasyon sa loob ng 30 linggo sa New Zealand (60 linggo sa kabuuan) at ang pangalawang kwalipikasyon ay nasa mas mataas na antas kaysa sa unang kwalipikasyon	Tatlong taong bukas na visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral

Kung ikaw ay mabibigyan ng visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral bago dumating ang ika-26 ng Nobyembre 2018, ikaw ay magiging marapat para sa: alinman sa isang taong bukas na visa sa pagtatatrabaho, o sa isang may-tulong ng tagapag-empleyo na dalawang taong visa sa pagtatatrabaho. Makaraan ang ika-26 ng Nobyembre 2018, maaaring marapat ka nang magpatanggal ng trabaho at tagapag-empleyo na nakasaad sa iyong visa sa pagtatatrabaho, kaya hindi mo na kailangang kontakin ang Immigration New Zealand kung mag-iiba ka ng mga trabaho o mga tagapag-empleyo sa hinaharap.

MGA KASALUKUYANG MAY HAWAK NA VISA SA PAGTATATRABAHO PAGKATAPOS NG PAG-AARAL

Ang sumusunod na talaan ay uukol kung ikaw ay may hawak na visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral noong ika-8 ng Agosto 2018, o ikaw ay nabigyan ng visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral nang ang mga pagbabagong ito ay nagkabisa noong ika-26 ng Nobyembre 2018.

Kung ikaw ay may hawak na:	**Kung ganoon, mula ika-26 ng Nobyembre 2018, ikaw ay maaaring maging marapat:**
Isang taong bukas na visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral	Para sa karagdagang dalawang taong bukas na visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral
May-tulong ng tagapag-empleyo na dalawang taong visa sa pagtatatrabaho pagkatapos ng pag-aaral	Na ipatanggal ang trabaho at tagapag-empleyo na nakasaad sa iyong visa sa pagtatatrabaho, kaya hindi mo na kailangang kontakin ang Immigration New Zealand kung mag-iiba ka ng mga trabaho o mga tagapag-empleyo sa hinaharap. Kung mas nanaisin mo, mapipili mong panatilihing walang pagbabago sa iyong visa.

Para sa karagdagang impormasyon:
Bumisita sa www.immigration.govt.nz o tumawag sa 0508 558 855

INZ 4025 TL AUG18

MINISTRY OF BUSINESS, INNOVATION & EMPLOYMENT
HĪKINA WHAKATUTUKI

New Zealand Government